

# Mga Madalas Itanong Di-pagkakabilang mula sa Hinihinging Lingguhang Paghahanap ng Trabaho - Unemployment Insurance

*(Isinalin-wika ang dokumentong ito noong Marso 27, 2020. Maaring may mas bagong impormasyon pagkalipas ng petsang ito. Gagawin ang lahat para mai-update ang pagsasalin na ito nang maaga para sa lahat ng importanteng update.)*

## **1. Kinakailangan ko bang maghanap ng trabaho habang may state of emergency?**

Iniutos ng Secretary of Labor ng Maryland, na simula sa ika-20 ng Marso, 2020, ang sampung (10) linggong di-pagkakabilang mula sa hinihingi sa mga claimant na aktibong maghanap ng trabaho bawat linggo upang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Pansamantalang tinatalikdan ng Labor ang hinihinging paghahanap ng trabaho para sa lahat ng pangkasalukuyan at bagong tatanggap ng benepisyo sa unemployment insurance. Nalalapat ang di-pagkakabilang na ito sa mga indibidwal na magiging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance nang hindi lalabis sa tatlung (30) araw mula sa pagwakas ng state of emergency.

Hihingin sa mga claimant na piniling lumahok sa hinihingi ng estado na workshop para sa muling pagtatrabaho sa panahong ito na tapusin ang isang one-on-one na sesyon sa telepono sa isang RESEA facilitator para makabuo ng isang individual reemployment plan (IRP). Hindi hihingin sa claimant na tapusin ang mga nakadetalyeng tungkulin sa kani-kanilang mga IRP hanggang sa magwakas ang state of emergency.

## **2. Nagsimula akong makatanggap ng mga benepisyo bago inilabas ang kautusang di-pagkakabilang sa hinihinging paghahanap ng trabaho. Kailangan ko bang magsagawa ng paghahanap ng trabaho bawat linggo?**

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyo ng unemployment insurance, hindi ka ibibilang para tapusin ang hinihinging lingguhang paghahanap ng trabaho nang sampung (10) linggo, simula sa linggo ng ika-20 ng Marso, 2020.

## **3. Pinili akong lumahok sa isang workshop para sa muling pagtatrabaho. Maaari ba akong magpaliban mula sa paglahok sa workshop habang state of emergency?**

Kung pinili kang lumahok sa isang workshop para sa muling pagtatrabaho habang state of emergency, isi-schedule ka na tapusin ang isang one-on-one na sesyon sa telepono sa isang facilitator ng Re-Employment Services and Eligibility Assessment (RESEA). Sa one-on-one na sesyon sa telepono, makikipagtulungan ka sa facilitator ng RESEA para makabuo ng individual reemployment plan (IRP). Gayunpaman, hindi hihingin sa iyo na tapusin ang mga nakadetalyeng aktibidad sa IRP mo hanggang sa alisin na ang state of emergency.

## **4. Bagaman hindi ako kinakailangang maghanap ng trabaho habang state of emergency, may mga hakbang ba akong magagawa para mapataas ang posibilidad na muli akong matanggap sa trabaho sa sandaling bumuti na ang merkado ng labor?**

Oo! Hinihimok ka ng Division of Unemployment Insurance na tapusin ang anumang mga nakalistang aktibidad sa ibaba na maaaring gawin nang online sa [Maryland Workforce Exchange](#). Sa pagtapos mo ng mga aktibidad na ito, mapapanatili at madaragdagan mo ang mga kakayahan at pagsasanay mo, at maipoposisyon mo ang sarili mo na mabilis na makuha kapag matatag na ang merkado at muling nagpapatrabaho ang mga negosyo.

Mga Self-Service na Aktibidad sa Muling Pagtatrabaho na maisasagawa mo nang virtual sa [MWE-REX](#):

1. Self-Service na Pananaliksik sa Merkado ng Labor
2. Sariling-Pagtatasa sa Kakayahan
3. Panlabas na Job Referral na Naka-link sa Web (hal., Career Builder, Indeed, LinkedIn)
4. Mga Networking Event na isinagawa sa REX
5. Pagtatapos ng Mga Kurso sa Pagsasanay sa ALISON-REX
6. Pagdalo sa isang Calendar Event na naka-post sa MWE-REX
7. Virtual Recruiter
8. Magrehitro para sa Trabaho sa isang Pribadong Employment Agency o Placement Facility ng isang Paaralan, Kolehiyo, o Unibersidad